



Assurance of Support

Ang ilang mga aplikante ng visa ay kailangang makakuha ng Assurance of Support bago mabigyan ng visa upang makatira sa Australya.

Ano ang Assurance of Support

Ang Assurance of Support (AoS) ay isang legal na kasunduan sa pagitan ng isang residente o organisasyon ng Australya (the assurer) at sa amin.

Ang tao o organisasyon na nagbibigay ng AoS ay sumang-ayon sa pinansyal na suporta sa isang aplikante ng visa (the assuree) na ang tao sa napasasailalim ng AoS. Ito ay upang ang aplikante ng visa ay hindi mangangailangang umasa sa mga pagbabayad ng Centrelink.

Ang AoS ay maaaring para sa 1, 2, 4 o 10 taon, depende sa uri ng visa.

Kung ang aplikante ng visa ay nasa Australya, ang AoS ay magsisimula mula sa petsa ng pagbibigay ng bagong visa. Kung ang aplikante ng visa ay wala sa Australya, ang AoS ay magsisimula mula sa petsa na dumating sila sa Australya.

Sino ang nangangailangan ng Assurance of Support

Pagkatapos mag-aplay ang isang tao para sa visa, ipapaalam ng Department of Home Affairs sa kanya kung kailangan niya ng isang AoS.

Paano magbigay ng AoS

Mag-apply online o gamitin ang form sa aming website. Tatawagan ka namin para sa isang pakikipanayam sa telepono upang pag-usapan ang tungkol sa:

- kung ano ang kailangan mong gawin upang magbigay ng AoS
- kung mayroon kang pinansyal na kakayahan upang magbigay ng suporta, at maaaring matugunan ang legal at iba pang mga obligasyon sa pananalapi.

Kapag nagbigay ka ng isang AoS, hindi mo maaaring kanselahin ito.

Ano ang garantiya sa bangko

Ang ilang mga kasunduan ng AoS ay nangangailangan ng garantiya sa bangko na inisyu ng Commonwealth Bank of Australia. Nangangahulugan ito na kailangan mong maglagay ng pera sa bangko para sa panahon ng AoS. Ang garantiya sa bangko ay maaaring gamitin upang pabalik na magbayad ng pera sa amin kung binabayaran namin ang aplikante ng visa ng ilang mga uri ng pagbabayad sa panahon ng AoS.

Ang halaga ng garantiya sa bangko ay nakasalalay sa:



- kung ikaw ay nag-aaplay bilang isang indibidwal o isang organisasyon
- ang bilang ng mga taong hinahangad mong mabigyang kasiguruhan, at
- ang uri ng visa na inaplayan nila.

Pagbayad pabalik para sa mga pagbabayad na galing sa amin

Maaari kaming magbigay ng pinansyal na suporta sa isang migrante sa panahon ng isang AoS. Ito ay maaaring dahil ang tao o organisasyon na nagbibigay ng AoS ay hindi makakapagbigay ng suporta. O dahil hindi makatwiran para sa migrante na tumanggap ng suporta. Bago gawin ito, karaniwan kaming makikipag-usap sa inyong dalawa.

Dapat pabalik na bayaran kami ng tao o organisasyon na nagbibigay ng AoS para sa mga partikular na pagbabayad na ibinigay sa aplikante ng visa. Maaaring kakailanganin rin nilang pabalik na bayaran ang anumang mga pansuportang pagbabayad na ibinigay namin sa mga anak ng aplikante ng visa.

Dapat pabalik na bayaran kami ng assurer para sa mga mababawing pagbabayad na ibinigay sa assuree. Kabilang dito ang:

- Austudy Payment
- Newstart Allowance
- Parenting Payment (Partnered)
- Parenting Payment (Single)
- Sickness Allowance
- Special Benefit
- Widow Allowance
- Youth Allowance.

Ang mga karagdagang pagbabayad tulad ng Rent Assistance at Crisis Payment ay maaari ding mabawi.

Para sa karagdagang impormasyon

- pumunta sa humanservices.gov.au/assurance para sa karagdagang impormasyon sa Ingles
- pumunta sa humanservices.gov.au/yourlanguage kung saan maaari mong basahin, pakinggan o panoorin ang impormasyon sa iyong wika
- tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa mga kabayaran at serbisyo ng Centrelink
- tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa Medicare at mga kabayaran at serbisyo sa Child Support
- bisitahin ang isang service center.

Tandaan: ang mga tawag mula sa iyong telepono sa bahay patungo sa mga numerong '13' mula sa kahit saan sa Australya ay sisingilin sa isang nakatakandang rate. Maaaring mag-iba ang rate na iyon kung ikumpara sa presyo ng isang lokal na tawag at maaaring mag-iba din sa pagitan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa telepono. Ang mga tawag sa mga numerong '1800' mula sa iyong telepono sa bahay ay libre. Ang mga tawag mula sa mga pampubliko at mga cell phone ay maaaring bibilangan ng oras at sisingilin sa mas mataas na rate.

Pagtatatuwa

Ang impormasyong nakapaloob sa publikasyong ito ay inilaan lamang bilang gabay sa mga pagbabayad at serbisyo. Responsibilidad mo ang magpasiya kung nais mong mag-aplay para sa isang pagbabayad at gumawa ng aplikasyon alinsunod sa iyong mga partikular na sitwasyon.